


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 2: Anekdota mula sa Persia/Iran (Panitikan ng Africa at Persia)



Filipino – Baitang 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Anekdota mula sa Persia/Iran
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Rosemarie L. Tesorio	Marietta C. Calica
Editor:	Elsa M. Calado	Genevieve B. Ugay
	Bernardo T. Rombawa	Rowena R. Abad
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Ligaya P. Daguison
Tagaguhit:	Therese A. Mananghaya	Dustin G. Calderon
	Mardee Isabel B. Olivar	
Tagalapat:	Crisanto P. Uberita	Mary Ann L. Cabilan
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Rowena C. Banzon
	Arlene A. Niro	Agnes B. Cacap
	Gina A. Amoyen	Genevieve B. Ugay
	Editha T. Giron	Bernardo T. Rombawa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

Filipino

**Ikatlong Markahan – Modyul 2:
Anekdota mula sa Persia/Iran
(Panitikan ng Africa at Persia)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Masiglang araw sa iyo aking mag-aaral. Natutuwa ako at matagumpay mong nasagutan ang mga gawain sa unang aralin ng markahang ito.

Ang **Modyul 2** ay tumatalakay sa isang anekdota patungkol sa karanasan ni Mullah na nagmula sa Persia (Iran), kung paano naging tanyag ang kaniyang mga kuwento at kung paano ito naging mahalaga sa mga tao lalo na sa mga Iranian. Ang kaniyang mga kuwento ay binubuo ng isa sa mga hindi pangkaraniwang pagkilala sa kasaysayan ng metapisika, isang bahagi ng pilosopiya na nauukol sa pag-unawa sa buhay at karunungan.

Mapag-aaralan mo rito ang kultura ng bansang Persia na kasalukuyan ay tinatawag na Iran. Ito ay isa sa pinakaluma at pinakatanyag na bansa na may mayamang kultura pagdating sa Gitnang Silangan o *Middle East*. Ito ang may pinakamayamang pamanang sining sa kasaysayan ng mundo at sumasaklaw sa maraming disiplina katulad ng arkitektura, pagpipinta, habi, kaligrapiya at iba pang kontemporaryong sining.

Bilang pangwakas na gawain, ikaw ay inaasahang makasusulat ng isang orihinal na komik- istorya ng anekdota at maitatanghal ito sa pamamagitan ng isang monologo na nakabatay sa pamantayan. Inaasahang masasagot mo nang may pang-unawa ang pangunahing tanong na:

Paano naiiba ang anekdota sa iba pang akdang pampanitikan? At makapagmumungkahi at makapaglalapad ng isang matalinong desisyon batay sa pangyayaring makapag-iwan ng kakintalan o aral sa mga mambabasa.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Nahihinuha ang damdamin ng sumulat sa napakinggang anekdota **(F10PN-IIIb-77)**
2. Nasusuri ang binasang anekdota batay sa: paksa, tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, paraan ng pagsulat at iba pa **(F10PB-IIIb-81)**
3. Nabibigyang-kahulugan ang salita batay sa ginamit na panlapi **(F10PT-IIIb-77)**
4. Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at *strategic* sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota **(F10PU-IIIb-79)**
5. Nakapagisusulat ang isang orihinal na komiks istorya ng anekdota **(F10PU-IIIb-79)**
6. Nakapagbibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa youtube **(F10PD-IIIb 75)**



Subukin

Bago ka dumako sa aralin tungkol sa anekdota, alamin mo muna kung gaano kalawak ang iyong pag-unawa at kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na tanong sa paunang pagtataya.

PAUNANG PAGTATAYA

Basahin at suriing mabuti ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay nagpapahayag ng mga pangyayari o kasanayang magkakaugnay
 - A. pangangatuwiran
 - B. paglalarawan
 - C. paglalahad
 - D. pagsasalaysay
2. Ito ay likas na napapanahon, may mayamang damdaming pantao, may kapana-panabik na kasukdulan, naiibang tunggalian, may malinaw at maayos na paglalarawan sa mga tauhan at tagpuan.
 - A. Sapat na Kagamitan
 - B. Tiyak na Panahon o Pook
 - C. Kawilihan ng Paksa
 - D. Kakayahang Pansarili
3. Ang dapat isaalang-alang ng manunulat sa pagpili ng paksa na naaayon sa kahusayan, hilig, at layunin niya.
 - A. Kawilihan ng Paksa
 - B. Kakayahang Pansarili
 - C. Sapat na Kagamitan
 - D. Tiyak na Panahon o Pook

Para sa bilang 4 at 5

“Naalala ko pa noong kasalukuyan kaming nakasakay sa bangka nang humulagpos ang isa kong tsinelas. Ang tsinelas ay ang gamit namin sa pagpasok at pagpunta sa mga lakaran, kung saan ang bakya na gawa sa kahoy ay hindi nararapat. Mabilis itong inanod sa tubig bago ko nahabol para kunin. Malungkot ako dahil iniisip ko ang aking ina na magagalit dahil sa pagkawala ng aking tsinelas. Tiningnan ako ng nagsasagwan nang kinuha ko ang aking isa pang tsinelas at dali-dali kong itinaon sa dagat, kasama ang dasal na mahabol nito ang kapares na tsinelas.

Hango sa “Ang Tsinelas” ni Jose Rizal

4. Kung susuriin ang binasa, anong katangian ng isang mahusay na pagsasalaysay ang taglay nito?
 - A. Ito ay napapanahon.
 - B. Mahusay ang sumulat.
 - C. Kawili-wili ang paraan ng pagkakasulat.
 - D. Pangyayari ng mga karanasang magkakaugnay sa pinakamasining na paraan ng pagpapahayag.

5. Sa bahagi ng kuwentong binasa, anong aral ang nais iparating nito?
 - A. Katapatan sa bayan
 - B. Pagpapahalaga sa kapwa
 - C. Pagpaparaya para sa kapakanan ng iba
 - D. Mahusay na pakikitungo sa kapwa kabataan

6. Tumutukoy ito sa tala ng buhay ng isang tao, pangyayaring naganap hanggang sa kaniyang wakas.
 - A. Talambuhay
 - B. Tala ng Paglalakbay
 - C. Kasaysayan
 - D. Anekdota

7. Uri ng pasalaysay na binibigyang-diin ang bawat kilos ng mga tauhan, panlabas na kaanyuan, pananamit, ayos ng buhok, at mga kagamitan.
 - A. Dulang Pandulaan
 - B. Tala ng Paglalakbay
 - C. Maikling Kuwento
 - D. Tulang Pasalaysay

8. Pagsasalaysay ito ng mahahalagang pangyayaring naganap sa isang tao, pook o bansa.
 - A. Talambuhay
 - B. Tala ng Paglalakbay
 - C. Anekdota
 - D. Kasaysayan

9. Ito ay pagpapahayag ng sariling opinyon, kaisipan, at ideyang binibigkas sa harap ng maraming tao.
 - A. Tula
 - B. Sanaysay
 - C. Talumpati
 - D. Balagtasán

10. Mapagkukuhaan ito ng paksa mula sa imahinasyon, katotohanan man o ilusyon para makalikha ng isang salaysay.
 - A. Panaginip o Pangarap
 - B. Likhang-isip
 - C. Sariling Karanasan
 - D. Narinig o napakinggan sa iba

Upang matiyak ang iyong tagumpay sa paunang pagsusulit, iwasto ang iyong mga gawain sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na makikita sa pahina 25.

Binabati kita! Mahusay mong nasagot ang mga tanong. Ngayon ay handa ka nang pag-aralan ang anekdota mula sa Persia. Sa iyong pag-aaral ay lalo mo pang mapauunlad ang iyong kakayahan sa pag-unawa at pagsagot sa mga sumusunod na gawain.



Balikan

Mahusay mong napag-aralan ang wastong pagsasaling-wika sa unang aralin at napagtanto mo ang pagkabayani ni Liongo gayundin ang pagiging matatag sa anumang pagsubok sa buhay. Alamin muna natin ang lawak ng iyong kaalaman kaugnay sa paksang ating tatalakayin. Balikan ang nalalaman mo tungkol sa anekdota. Subukin mong sagutin ang gawain sa ibaba.

Gawain 1: Alalahanin Mo!

Panuto: Bilang pagbabalik-aral, ibigay ang mga naging kilos, gawi o mga katangian ng tauhan at pangyayari na di- pangkaraniwan tungkol sa natalakay nating mitolohiya. Isagawa ito sa sagutang papel.

Liongo	
Kilos at Gawi/ Katangian ng Tauhan	Pangyayari na Di- Pangkaraniwan
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

Magaling! mahusay mong nasagutan ang gawain sa balikan. Ngayon ay pakikikingan mo ang isang anekdota na babasahin ng isa sa mga miyembro ng iyong pamilya tungkol sa Akasya at Kalabasa na isinulat ni Consolation P. Conde at inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod na gawain.

Aralin 2.1

Anekdota mula sa Persia/Iran Mullah Nassreddin



Tuklasin

Sa bahaging ito ng modyul, mapag-aaralan at mapakikinggan mo ang isang anekdota na isinulat ni Consolation P. Conde na babasahin ng isang miyembro ng iyong pamilya. Matutuklasan mo sa anekdota na hindi lahat ng bagay ay kailangang madaliin lalong-lalo na sa pag-aaral. Ikaw ay manonood ng isang halimbawa ng anekdota ni Mullah Nasreddin. Unawain at panooring mabuti ang bidyo upang masagot ang susunod na gawain. Handa ka na ba? Magsimula ka na!

Gawain 2: Maghinuha Ka!

Panuto: Ipabasa sa isang miyembro ng pamilya ang anekdota at pansinin ang damdaming nangingibabaw sa akda. Pagkatapos, sagutin ang tanong na nasa ibaba at isulat sa sagutang papel.

Akasya o Kalabasa

ni Consolation P. Conde

Hindi maikakaila na kung malaki ang puhunan ay maaaring tumubo rin iyon nang malaki kaysa maliit ang naturan. Gayundin ang paghahanda at pagpupunyagi ng tao na pinamumuhunanan ng puu-puung taong pag-aaral at pagpapakasakit. Karaniwan nang sa



Iginuhit ni: Therese A. Mananghaya

may mataas na pinag-aralan ay maamo ang kapalaran. At ito'y maitutulad din nga sa paghahalaman. Pasukan na naman. Nagbukas na ang mga pamantasan at matataas na paaralan sa Maynila. Samantala, sa nayon ng Kamias, hindi kalayuan sa lungsod...

Maagang nagbangon nang umagang yaon si Aling Irene at inihanda kapagkaraka ang mga pangangailangan ng kabutong anak na si Iloy. Si Mang Simon naman ay hindi

muna nagtungo sa linang upang samahan sa pagluwas ang anak na pag-aaralain sa Maynila. Awa naman ng Diyos ay maluwalhating nakarating sa lungsod ang mag- ama. Isang balitang paaralang sarili ang kanilang tinungo agad. Dinatnan nila ang tagatala na abalang-abala sa pagtanggap ng dikakaunting mga batang nagsisipagprisinta.

Nagpalinga-linga si Mang Simon. Nang makita ang babalang nakasabit sa may pintuan ng Tanggapan ng Punung-guro ay kinawit sa bisig si Iloy. “Halika at makikipagusap muna ako sa punung-guro.”

“Magandang umaga po sa kanila,” panabay na bating galang ng mag-ama.

“Magandang umaga po naman,” tugon ng punung-guro na agad naming nagtindig sa pagkakaupo at

nag-alok ng upuan. “Ano po ang maipaglilingkod ko sa kanila?”

“E, ibig ko po sanang ipasok ang aking anak dito sa inyong paaralan.” “A, opo. Sa ano po namang baitang?” usisa ng punung-guro.


“Katatapos pa po lamang niya ng elementarya sa aming nayon noong nakaraang Marso,” paliwanag ni Mang Simon.

“Kung gayon po’y sa unang taon ng haiskul, ano po?”

“Ngunit... ibig ko po sanag malaman kung maaaring ang kunin na lamang niya ay isang maikli-ikling kurso ukol sa isang tanging karunungan upang siya’y makatapos agad, upang makapaghalaman kayo ng isang kalabasa, maaari po ba?” “Aba, opo,” maaga pa na tugon ng punong-guro. “Maaaring ang lalong pinakamaikling kurso ang kaniyang kunin. Iyan ay batay sa kung ano ang gusto ninyong kalabasan niya. Kung ang nais ninyo ay magpatubo ng isang mayabong na punong akasya, gugugol kayo ng puu-puung taon, subalit ang kakailanganin ninyo ay ilang buwan lamang upang makapaghalaman kayo ng isang kalabasa.

” Dili di natubigan si Mang Simon sa huling pangungusap ng punong-guro. Gayundin si Iloy. Pagkuwan ay nagbulungan ang mag-ama.

At... umuwi nang nag-iisa si Mang Simon. Habang naglalakbay na patungong lalawigan ay tatambis-tambis sa sarili: “A, mabuti na nga ang kunin niyang buo ang kurso sa haiskul at saka na siya kumarera. Higit na magiging mayabong ang kaniyang kinabukasan.”



Iginuhit ni: Therese A. Mananghaya

Conde, Consolation P., Akasya o Kalabasa, Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

1. Sa iyong palagay, anong damdamin ng may-akda ang nangibabaw sa napakinggang anekdota?

2. Paano mo mapahalagahan ang mga desisyon mo sa buhay?

Gawain 3: Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salita batay sa ginawang paglalapi. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

- | | |
|-------------------------|---|
| _____ 1. Natatawa | a. dalawang taong nasisiyahan |
| _____ 2. Tawanan | b. isang bagay na nararamdaman ng isang tao |
| _____ 3. Nagtatawanan | c. pinagkakasiyahan ng ibang tao |
| _____ 4. Katatawanan | d. reaksiyon mo sa isang bagay na ayaw mong problemahin |
| _____ 5. Pinagtatawanan | e. mga nakapagbibigay saya sa tao |

Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang mga gawain. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

Gawain 4: Pagbibigay ng Opinyon

Panuto: Panoorin ang anekdota ni Melai Cantiveros mula sa *Youtube* na nagpapakita ng pagpapahalaga sa isang bagay. Maaaring panoorin ang buod ng kuwento sa *link* na ito: <https://www.youtube.com/watch?v=5Re92OrqviE>. Pagkatapos ay magbigay ka ng sarili mong opinyon o reaksiyon kaugnay sa napanood. Gawing gabay ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Saan mahilig pumunta si Melai noong bata pa siya?

2. Ano ang kaisa-isang bagay na mahalaga sa kaniya?

3. Anong pangyayari ang sobrang ikinalungkot ni Melai?

4. Ano ang mensaheng nais iparating ng iyong napanood?




Suriin

Sa bahaging ito ay iyong mababasa ang isang anekdota na nakawiwiling basahin. Simulan mo na ang pagbasa upang lalo kang manabik sa pagbabasa ng isang anekdota.

Mullah Nassreddin

Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Si Mullah Nassreddin na kilala bilang Mullah Nassr-e Din (MND) ang pinakamahasay sa pagkukuwento ng katatawanan sa kanilang bansa. Lagi itong naaalaala ng mga Iranian na dating mga Persiano noong sila ay mga bata pa. Libo-libong kuwento ng katatawanan ang naiambag ni Mullah Nassreddin sa kanilang lipunan. Tinagurian din siyang alamat ng sining sa pagkukuwento dahil sa mapagbiro at puno ng katatawanang estilo sa pagsulat. Nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao ang kaniyang mga naisulat mula noon magpasahanggang ngayon. Naimbitahan si Mullah Nassreddin upang magbigay ng isang talumpati sa harap ng maraming tao. Sa pagsisimula niya, nagtanong siya, “Alam ba ninyo ang aking sasabihin?” Sumagot ang mga nakikinig “Hindi,” kung kaya’t kaniyang sinabi “Wala akong panahong magsalita sa mga taong hindi alam ang aking sasabihin,” at siya ay umalis. Napahiya ang mga tao. Inanyayahan siyang muli upang magsalita kinabukasan. Nang muli niyang tanungin ang mga tao ng katulad na katanungan ay sumagot sila ng “Oo,” sumagot si Mullah Nassreddin “Kung alam na pala ninyo ang aking sasabihin, hindi ko na sasayangin ang marami ninyong oras” muli siyang umalis. Ang mga tao ay nalito at nataranta sa kaniyang naging sagot. Sinubukan nilang muli na anyayahan si Mullah Nassreddin upang magbigay ng pahayag at muli siyang nagtanong “Alam ba ninyo ang aking sasabihin?” Handa na ang mga tao sa kanilang isasagot ang kalahati ay nagsabi ng “Hindi,” at ang kalahati ay sumagot ng “Oo,” kung



Iginuhit ni: Therese A. Mananghaya

kaya't muling nagsalita si Mullah Nassreddin "Ang kalahati ay alam ang aking sasabihin, kaya't kayo ang magsasabi sa kalahati na di alam ang aking sasabihin," at siya ay lumisan.

Isinalin sa Filipino ni Urgelles, Roderic P., Mullah Nassreddin, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Alam mo ba?

Si **Mullah Nassreddin** ay kilala sa tunay na pangalang Nasreddin Hodja, isang pilosopo noong ika-13 siglo. Pinaniniwalaan na ang kaniyang sinilangang-bayan ay matatagpuan ngayon sa bansa ng Turkey. Kilala si Nassreddin dahil sa kaniyang nakatutuwang mga kuwento at anekdota. Siya'y may matalas na pag-iisip, ngunit palagi siyang tampulan ng biruan. Ang "Mullah" ay isang titulo na ibinibigay sa matatalinong Muslim. Halos lahat ng Muslim ay pamilyar sa mga kuwento ni Nassreddin. Kahit ang mga di-Muslim sa Tsina ay alam din ang –kaniyang mga anekdota, at sa wikang Tsino ang pangalan niya ay "Afanti."

Ang **anekdota** ay isang kuwentong nakawiwili at nakatutuwang pangyayari sa buhay ng isang tao. Layon nitong makapagpabatid ng isang magandang karanasan na kapupulutan ng aral. Ito'y magagawa lamang kung ang karanasan o mga pangyayari ay makatotohanan.

Isang malikhaing akda ang anekdota. Dapat na makakukuha ng interes ng mambabasa ang bawat pangungusap. Dapat na kapana-panabik ang panimulang pangungusap. Ang isang magandang panimula ay magbibigay ng pagganyak sa mambabasa at mahihikayat na ipagpatuloy ang pagbasa ng anekdota.

Mga Hakbang sa Pagsulat ng Anekdota

1. Alamin ang paksa o layunin sa paggagamitan ng personal na anekdota. Piliin ang pangyayari sa iyong buhay na angkop sa paksa at layunin. Dapat ay makatotohanan at may isang paksa.
2. Alalahanin ang mga detalye sa pangyayaring ilalahad mo sa iyong anekdota.
3. Sa paglalahad ng iyong anekdota ay huwag munang sasabihin ang kasukdulan upang hindi mawala ang pananabik ng mga mambabasa.
4. Sa pagwawakas ay dapat isaalang-alang ang kakintalang maiiwan sa mga mambabasa.

- Mula sa Filipino – Ikasampung Baitang Modyul para sa Mag-aaral
Unang Edisyon 2015

Narito ang ilang katangian ng anekdota

- A. May isang paksang tinatalakay. Ito ay dapat bigyan ng kahulugan sa pagsulat ng anekdota. Lahat ng mga pangyayari ay dapat mabigyan ng kahulugan sa ideyang nais ilahad.
- B. Ang isang anekdota ay nagdudulot ng ganap na pagkaunawa sa kaisipang nais nitong ihatid sa mga mambabasa. Di dapat mag-iwan ng anumang bahid ng pag-aalinlangan na may susunod pang mangyayari.

Pagbuo Ng Komik-Istrip

Ang **komiks** ay isang grapikong midyum na gumagamit ng mga salita at larawan upang ihatid ang isang salaysay o kuwento. Kadalasang naglalaman ang komiks ng kaunting diyalogo sapagkat binubuo ito ng isa o higit pang mga larawan, na siyang nagbibigay-kahulugan sa teksto upang higit na mapukaw ang atensiyon ng mambabasa.

Mga Bahagi ng Komiks:

1. **Kuwadro**- naglalaman ng isang tagpo sa kuwento(frame).
2. **Kahon ng Salaysay**- pinagsusulatan ng maikling salaysay.
3. **Pamagat ng Kuwento**
4. **Larawang Guhit ng mga tauhan sa kuwento.**
5. **Lobo ng Usapan**- pinagsusulatan ng usapan ng mga tauhan; may iba't ibang anyo ito batay sa inilalarawan ng dibuhista/tagaguhit.

Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagbuo ng Komik Istrip

1. Alamin ang sariling hilig o istilo.
2. Tukuyin ang pangunahing Tauhan.
3. Tukuyin ang Tagpuan.
4. Tukuyin ang balangkas ng kuwento.
5. Ipokus ang atensyon sa diyalogo at daloy ng kuwento.
6. Ayusin at pagandahin ang gawa.

Mga Elemento ng Kuwento:

Banghay – Tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

Panimula – Sa bahaging ito nailalarawan kung saan at paano nagsimula ang kuwento.

Saglit na Kasiglahan – Tumutukoy sa panandaliang pagtatagpo ng mga tauhan sa kuwento.

Suliranin – Ito ang problemang kinakaharap ng tauhan sa kuwento.


Tunggalian – Ito ay maaaring tao laban sa tao, tao laban sa sarili, tao laban sa lipunan, o tao laban sa kalikasan.

Kasukdulan – Sa bahaging ito nagaganap o nailalahad ang problema sa kuwento.

Kakalasan- Sa bahaging ito unti-unti nang nasosolusyonan ang problema sa kuwento.

Wakas – Tumutukoy ito sa kung paano nagwakas o nagtapos ang kuwento.

Magaling! Nabigyang- katuturan mo ang bahaging ito kung saan mainam mong nakilala si Mullah Nasreddin at natukoy ang katuturan at hakbang sa pagsulat ng anekdota. Magpatuloy ka pa upang lalong mahasa ang iyong isipan.




Pagyamanin

Sa bahaging ito ay masasagot mo ang mga gawain para mapagtibay ang iyong pag-unawa at mga kasanayan sa paksa. Makaguguhit ka ng sarili mong iskrip. Magsimula ka na!

Gawain 5: Iskrip Mo! Iguhit Mo!

Panuto: Gumawa ng isang orihinal na **komik-istrip** batay sa anekdotang “Mullah Nassreddin.” Lagyan ng diyalogo ang mga lobo ng usapan. Isaalang-alang ang mga pamantayang nasa ibaba. Kopyahin ang kahon sa sagutang papel at isagawa ang hinihinging gawain.



Iginuhit ni: Mardee Isabel B. Olivar

Pamantayan	Indikador	Puntos
Nilalaman	Naipakita nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto sa paggawa ng komik-iskrip.	19-25
Gamit ng wika at gramatika	Tama ang gamit ng wika sa pagpapahayag o usapan sa komik-iskrip	16-20
May sariling Istilo o pagkamapanlikha	Orihinal ang ideya sa paggawa ng komik-istrip	11-15
Pagkamalikhain	Maayos, maganda at gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman.	6-10
Kabuuang Presentasyon	Maayos at malinis ang kabuuang presentasyon	1-5
		Kabuuan

Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang mga gawain. Naipakita mo rin ang kahusayan mo sa pagguhit. Handa ka na ba sa susunod na gawain? Kung gayon, Magsimula ka na!




Isaisip

Balikan ang napag-aralan mo hinggil sa anekdota dahil ngayon ay masusubok kung gaano mo naintindihan ang pagtalakay na iyon. Ihanda mo na ang iyong sagutang papel upang maibigay mo ang iyong pananaw sa anekdota.

Gawain 6: Pagbuo ng Tsart

Panuto: Ngayon ay maaari ka nang magpahayag ng sarili mong kaisipan hinggil sa binasa mong anekdotang “Mullah Nasreddin”. Sa pamamagitan ng **brain concept idea**, ibuod ang binasang anekdota gamit ang **banghay na nagpapakita ng panimula, saglit na kasiglahan, Suliranin/Tunggalian, Kasukduluan at Kakalasan/Wakas. Gayahin ang pormat** at sagutin sa sagutang papel.

Brain Concept Idea



Panimula


Saglit na kasiglahan

Suliranin/Tunggalian

Kasukdulan

Kakalasan/Wakas

Binabati kita at napagtagumpayan mo ang gawaing ibinigay para sa iyo. Talagang tumatak sa iyong isipan ang talakayang hinggil sa anekdota. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na bahagi ng modyul na ito.



Isagawa

Alam kong handang-handa ka na para subukin ang galing mo sa paggawa ng isang monologo. Kayang-kaya mo iyan!

Magtanghal Tayo

Balikan ang isinulat mo sa Pagyamanin Gawain 5, pahina 11 kung saan nakabuo ka ng orihinal na iskrip na batay sa buhay ni Mullah Nassredin. Sa pamamagitan ng monologo, isalaysay mo ang iyong ginawa irekord o pagvideo gamit ang iyong selpon na hindi kukulangin ng 3 minuto at hindi lalagpas sa 5 minuto. Ang iyong gawa ay ia-*upload* sa iyong *Facebook account*. Tiyaking nasunod mo ang pamantayan:

- a. Mensahe - - - - - 20 puntos
- b. Tiwala sa sarili / Bigkas at Tinig - - - - - 15 puntos
- c. Ekspresyon / Tindig at Kilos - - - - - 10 puntos
- d. Dating sa Madla - - - - - 5 puntos

Lubos kitang binabati sa iyong pagpupursigi na iyong ipinakikita. Patunay lamang ito ng iyong determinasyong matuto ngunit huwag ka munang susuko hindi pa rito nagtatapos ang iyong lakbayin. Tingnan naman natin ang iyong kahusayan sa susunod na gawain.

Aralin 2.2

Wika at Gramatika: Gramatikal, Diskorsal, Estratedyik sa Pagsasalaysay ng Orihinal na Anekdotang




Balikan

Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang anekdotang “Mullah Nassredin.” Bilang pagbabalik-tanaw, inaasahang isasagawa mo ang gawain upang mataya kung naunawaan mo ba ito. Tara na’t magsimula na tayo!

Gawain 1: Kilalanin Natin

Panuto: Ano-anong mga katangian ni Mullah Nassredin ang nangibabaw sa anekdotang binasa. Kopyahin ang Character Web sa sagutang papel at sagutin.



Binabati kita! Mahusay! Iyong matagumpay na napag-aralan sa nakaraang aralin. Nawa’y lagi mo ring isaisip ang mga napag-aralan mo hinggil dito.



Tuklasin

Batid kong marami ka nang nalaman tungkol sa mga binasa mong akda, kaugnay nito, basahin at unawain mong mabuti ang isa pang anekdotang “**Mongheng Mohametano sa Kaniyang Pag-iisa**” ni Idries Shah na isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles at pagkatapos sagutin ang kasunod na gawain.

Sa kaniyang pagsulat ay ipinakita niya ang **Sufism** bilang isang unibersal na anyo ng karunungan. Ang binibigyang-diin ng Sufism ay ang pagpapaunlad ng bawat isa sa pamamagitan ng kanilang mga pandama at hindi ang pagpapahalaga sa oras, pera o maging karangalan. Ang Sufis ay may mga mahahalagang papel sa pagbuo ng lipunan ng mga Muslim sa pamamagitan ng kanilang gawaing misyonaryo at pang-edukasyon. Hindi lamang isa itong relihiyon o pilosopiya kundi ito ay bahagi ng buhay ng bawat isa. Ayon kay William Chittick, ang Sufism ay maaaring inilarawan bilang pagsasaling-wika at pagpapalakas ng pananampalataya at kasanayan sa Islam.

Mongheng Mohametano sa Kaniyang Pag-iisa

Mula sa mga Anekdotang ni Saadi Persia (Iran) ni: Idries Shah
Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Isang araw, ang mongheng Mohametano ay nag-iisa at namamanata sa disyerto. Ang Sultan naman na namamaybay sa kaniyang ruta, sa kaniyang nasasakupan ay matamang nagmamasid sa mga tao. Nakita niya na hindi nagtaas ng kaniyang ulo ang Mongheng Mohametano habang dumadaan siya.

Nagalit ang Sultan at nagwika “Ang nakasuot ng balabal ay walang pakiramdam, tulad siya ng hayop, hindi siya nagtataglay ng paggalang at kababaang loob.”

Kung kaya’t ang *vizier* o ministro ay nagwika “Mongheng Mahametano! Ang Sultan ng buong mundo ay nagdaan sa iyong harapan. Bakit di mo siya binigyan ng kaukulang paggalang?” Sumagot ang Mongheng Mohametano,

“Hayaan mong ang Sultan ang magbigay ng paggalang para hanapin ang magbebenipisyo sa kaniyang magandang gawa. Sabihin mo sa kaniya, ang hari ay nilikha para sa kagalingan ng kaniyang nasasakupan at hindi nilikha ang mamamayan para paglingkuran ang Sultan.”



Iginuhit ni: Therese A. Mananghava

Urgelles, Roderic P., Mongheng Mohametano sa Kaniyang Pag-iisa Mula sa mga Anekdotang ni Saadi Persia (Iran) ni: Idries Shah, Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.



Suriin

Binabati kita sa iyong pagtitiyaga upang matuto sa akdang anekdota. Sa bahaging ito, malalaman mo ang katuturan ng mga mapagkukunan ng paksa at uri ng pagsasalaysay na makatutulong sa iyo para maisagawa ang mga gawain. Kung handa ka na, maaari ka nang magpatuloy.

Alam mo ba?

Ang **pagsasalaysay** ay isang diskurso na naglalatag ng mga karanasang magkakaugnay. Pagkukuwento ito ng mga kawili-wiling pangyayari, pasulat man o pasalita. Itinuturing itong pinakamasining, pinakatanyag, at tampok na paraan ng pagpapahayag. Ito rin ang sinasabing pinakamatandang uri ng pagpapahayag sapagkat dito nagsimula ang alamat o epiko, at mga kuwentong bayan ng mga ninunong Pilipino maging sa ibang bansa man. Ang pagpili ng paksa ang unang pinakamahalagang hakbang sa pagsulat ng pagsasalaysay. Kailangang ito ay maganda at kawili-wili. Bukod dito, mahalaga ring napapanahon ito at may dalang lugod at kabutihan sa mga mambabasa.

Sa pagsasalaysay, ginagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at *strategic*.

1. **Gramatikal**- Ito ang tamang paggamit ng balarila sa pangungusap katulad ng wastong pagbigkas at pagbaybay ng mga salita.
2. **Diskorsal**- Ito ang paggamit ng wikang binibigkas at sinusulat upang makalikha ng makabuluhan at maayos na pagpapahayag.
3. **Strategic**- Dito ginagamit ng nagsasalita ang mga uri ng komunikasyon na berbal at hindi berbal upang maihatid nang mas malinaw at mas maayos ang mensaheng nais ipahayag.

Ang mga Mapagkukuhanan ng Paksa


1. **Sariling Karanasan** – Pinakamadali at pinakadetalyadong paraan ng pagsasalaysay ng isang tao sapagkat hango ito sa pangyayaring naranasan ng mismong nagsasalaysay.
2. **Narinig o napakinggan sa iba** – Maaaring usapan ng mga tao tungkol sa isang pinagtatalunang isyu, mga balita sa radyo at telebisyon, at iba pa. Subalit, tandaang hindi lahat ng narinig sa iba ay totoo at dapat paniwalaan. Mahalagang tiyakin muna ang katotohanan bago isulat.
3. **Napanood** – Mga palabas sa sine, telebisyon, dulaang panteatro, at iba pa.
4. **Likhang-isip** – Mula sa imahinasyon, katotohanan man o ilusyon ay makalikha ng isang salaysay.
5. **Panaginip o Pangarap** – Ang mga panaginip at hangarin ng tao ay maaaring maging batayan din sa pagbuo ng isang salaysay.

6. **Nabasa** – Mula sa anomang tekstong nabasa na mahalagang ganap na nauunawaan ang mga pangyayari.

Mga Uri ng Pagsasalaysay

1. **Maikling Kuwento** – Nagdudulot ng isang kakintalan sa isip ng mga mambabasa sa pamamagitan ng paglalahad ng mahahalagang pangyayari sa buhay ng tauhan.
2. **Tulang Pasalaysay** – Patulang pasalaysay ng mga pangyayari sa pamamagitan ng mga saknong.
3. **Dulang Pandulaan** – Binibigyang diin dito ang bawat kilos ng mga tauhan, panlabas na kaanyuan kasama na ang pananamit, ayos ng buhok at mga gagamitin sa bawat tagpuan. Ang kuwentong ito ay isinulat upang itanghal.
4. **Nobela** – Nahahati ito sa mga kabanata; punong-puno ng mga masalimuot na pangyayari.
5. **Anekdotang** – Pagsasalaysay batay sa tunay na mga pangyayari.
6. **Alamat** – Tungkol sa pinagmulan ng isang bagay o anoman sa paligid.
7. **Talambuhay** – “Tala ng buhay” ng isang tao, pangyayaring naganap sa buhay ng isang tao hanggang sa kanyang wakas.
8. **Kasaysayan** – Pagsasalaysay ng mahahalagang pangyayaring naganap sa isang tao, pook o bansa.
9. **Tala ng Paglalakbay (Travelogue)** – Pagsasalaysay ng isang pakikipagsapalaran, pagbibiyaha o paglalakbay sa ibang lugar.

Ngayong nauunawaan mo na ang mga maaaring mapagkukuhan ng paksa para sa pagsulat ng anekdota at iba pang magahalagang impormasyon hinggil sa mga uri ng pagsasalaysay. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na gawain.




Pagyamanin

Bago mo isagawa ang gawaing ito, balikan mo muna ang mahahalagang kaalaman tungkol sa anekdota upang masagot ang gawaing naghihintay sa iyo.

Gawain 2: Reaksiyon Mo, Isulat Mo!

Panuto: Punan ang grapikong pantulong ng sariling reaksiyon tungkol sa mga dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng isang anekdota. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Nakaragdag pa ba sa iyong pag-unlad ang gawaing ito? Nawa'y naging produktibo ka sa pag-aaral ng modyul na ito!



Isaisip

Sa bahaging ito ay masasagot mo ang mga gawain para mapagtibay mo ang iyong pag-unawa at mga kasanayan sa paksa.


Gawain 3: Sagutan Mo!

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Paano naiiba ang anekdota sa iba pang akdang pampanitikan?

2. Paano nakatutulong ang diskursong pasalaysay sa pagsulat at pagbasa ng mga anekdota?

Dahil sa mga natutuhan mo sa aralin, naisagawa mo nang maayos ang gawaing ito. Ngayon ay maaari ka nang dumako sa susunod na bahagi.




Isagawa

Magaling! Naabot mo na ang bahaging ito at natitiyak kong malapit mo nang matapos ang ating aralin. Baon ang mga konseptong iyong natutuhan tungkol sa anekdota, gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsasalaysay ng orihinal na anekdota, masasabi kong handa ka na sa kasunod na gawain.

Panuto: Magkakaroon ng pagtatanghal ang inyong paaralan at ikaw ang napiling kalahok sa Patimpalak sa Pagsulat ng anekdota. Bubuo ka ngayon ng isang anekdota gamit ang mga kaalaman mo sa pagsasalaysay. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba.

Pamantayan	4	3	2
Paggamit ng alinman sa mga kasanayang komunikatibo	Nagagamit nang mahusay na mahusay ang alinman sa mga kasanayang pangkomunikatibo: gramatikal, diskorsal, at <i>strategic</i>	Nagagamit nang mahusay ang alinman sa mga kasanayang pangkomunikatibo: gramatikal, diskorsal, at <i>strategic</i>	Medyo mahusay na mahusay ang pagkakagamit sa alinman sa mga kasanayang pangkomunikatibo: gramatikal, diskorsal, at <i>strategic</i>
Pagiging kawili-wili ng anekdota	Ang anekdota ay lubhang kawili-wili at kalulugdang basahin	Ang anekdota ay kawili-wili at kalulugdang basahin	Ang anekdota ay hindi gaanong kawili-wili at maaaring hindi kalulugdang basahin
Payak at maikli ang pagpapahayag.	Ang anekdota ay lubhang payak at maikli ang pagpapahayag.	Ang anekdota ay payak at maikli ang pagpapahayag.	Ang anekdota ay hindi gaanong payak at maikli ang pagpapahayag.

Lubos kitang binabati sa iyong ipinakikitang determinasyon upang matapos ang araling ito. Ito ay isang patunay na pursigido kang matuto ngunit huwag ka munang susuko hindi pa riyan nagtatapos ang iyong lakbayin. Gawin ang pagtataya sa ibaba para sa pagtatapos ng araling ito.



Tayahin

Magaling! Binabati kita dahil narating mo ang bahaging ito. Tiyak na marami kang natutuhan sa Modyul na ito. Atin nang tayahin ang iyong kaalaman.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA


Panuto: Sagutin ang mga tanong upang matiyak kung naunawaan mo ang araling tinalakay. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Isang kuwentong nakawiwili at nakatutuwang pangyayari sa buhay ng isang tao.

- A. anekdota
B. sanaysay
- C. talumpati
D. mitolohiya
2. Isa siya sa pinakamahusay sa pagkukuwento ng katatawanan sa kanilang bansa.
- A. Saadi
B. Liongo
- C. Mullah Nassreddin
D. Toby
3. Si Mullah Nassreddin ay isang _____.
- A. mananalumpati
B. manlalakbay
- C. pintor
D. monghe
4. Ito ay isang morpema na ikinakabit sa isang salitang-ugat upang makabuo ng isang bagong salita o anyo ng salita.
- A. kataga
B. diptonggo
- C. panlapi
D. pangatnig
5. Ito ay tawag o titulo na ibinibigay sa matatalinong Muslim.
- A. Monghe
B. Mullah
- C. Pilosopo
D. Mananalumpati
6. Naimbitahan si Mullah Nassreddin sa harap ng maraming tao upang magbigay ng ____.
- A. pagkain
B. damit
- C. payo
D. talumpati
7. Ayon kay William Chittick, ang _____ ay maaaring inilarawan bilang pagsasaling-wika at pagpapalakas ng pananampalataya at kasanayan sa Islam.
- A. Anekdota
B. Muslim
- C. *Sufism*
D. Relihiyon
8. Tinatawag sa wikang Tsino si Mullah Nassreddin sa pangalan na ____.
- A. Afanti
B. Saadi
- C. Monghe
D. Nasreddin Hodja
9. Si Mullah Nassreddin ay tinaguriang alamat ng sining sa _____ dahil sa mapagbiro at puno ng katatawanang estilo sa pagsulat.
- A. pagpipinta
B. pagsusulat
- C. pag-awit
D. pagkukuwento
10. Ito ay isa sa pinakaluma at pinakatanyag na bansa na may maraming kilalang kultura pagdating sa Gitnang Silangan o *Middle East*.
- A. Malaysia
B. Persia
- C. Indonesia
D. Asya
11. Ito ay pagpapahayag ng sariling opinyon, kaisipan, at ideyang binibigkas sa harap ng maraming tao.
- A. tula
B. sanaysay
- C. talumpati
D. balagtas
12. Si Mullah Nassreddin ay kilala sa tunay na pangalang, isang pilosopo noong ika-13 siglo.
- A. Nasreddin Hodja
B. Nassreddin Mullah
- C. Mullah Hodja
D. Nass Mullah
13. Pinaniniwalaan na si Mullah Nassreddin ay sinilangang sa bayan na matatagpuan ngayon sa bansang _____?
- A. Saudi Arabia
B. Iran
- C. Turkey
D. Iraq
14. Isa siyang mongheng may malalim na karunungan, matapang, at may malakas na loob.

- A. Mullah
B. Nassreddin
C.Hodja
D. Saadi
15. Ang _____ Sufis ay may mga mahahalagang papel sa pagbuo ng lipunan ng mga Muslim sa pamamagitan ng kanilang gawaing misyonaryo at pang-
edukasyon.
- A. *Sufis*
B. *Confucianism*
C. *Humanism*
D. *Buddhism*

Binabati kita! Natapos mo ang inihandang gawain para sa iyo. Ngayon maaari mo nang simulan ang karagdagang gawain. Magsimula ka na!



Karagdagang Gawain


Binabati kita! Batid kong napuno ka ng konseptong natutuhan. Maalala mo pa ba ang mga ito? Tingnan natin! Isulat ang mga mahahalagang paksang nilalaman ng modyul na ito sa iyong sagutang papel.

Panuto: Basahin ang pahayag sa bawat bilang. Lagyan ng puso (♡) kung taglay ng katangian ng anekdotang natalakay at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Makatawag-pansin ang mga katangian ng tauhan.
2. Payak at maikli ang pagpapahayag ng salaysay sa anekdota.
3. Nakatulong ito upang lalong makilala si Mullah Saadi.
4. Nakapagpagaan ng pakiramdam sa mga nakikinig ng salaysay.
5. Nakapag-iwan ng aral na isasaisip at isasapuso ng mambabasa.
6. Nakapanghikayat na mag-isip ng nais nitong ipahiwatig.
7. Nagsilbing inspirasyon ang mga kaisipang nakapaloob sa mga pahayag.
8. Nakatutulong sa isang tao upang mapalawak ang kaniyang pag-iisip.
9. Ang tauhan ay nakapagbigay-gabay sa mambabasa.
10. Nakapagbigay-aliw at saya sa ang anekdota.



Binabati kita sa iyong kahusayan! Nawa'y naging makabuluhan ang mga anekdotang iyong nabasa na makatutulong sa iyong mahusay na pagdedesisyon gayon din ang kasanayan sa wika at gramatika. Ngayon ay handa ka nang lakbayin ang mundo ng pinakamahusay na lider sa bansang South Africa. Muli mong masasalamin ang kultura at tradisyon ng ibang bansa. Maligayang paglalakbay at pag-aaral!



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin:
Gawain 2
Tatanggapin ng guro ang lahat ng sagot na may kabuluhan.

Balikan:
Gawain 1
Ang sagot ay nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mag-aaral.

Subukin:
Paunang Pagtataya
1.D 6.A
2.C 7.D
3.B 8.C
4.C 9.C
5.D 10.B

Pagyanarin
Gawain 5
Tatanggapin ng guro ang lahat ng sagot na may kabuluhan.

Gawain 4
Tatanggapin ng guro ang lahat ng sagot na may kabuluhan.

Gawain 3
1.b
2.d
3.a
4.e
5.c

Isagawa
Magmumula ang sagot sa mag-aaral at susuriin ito ng nguro ayon sa pamantayang nakalahad para sa gawang ito.

Isaisip
Gawain 6
Ang sagot ay nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mag-aaral.

Modyul 2.1: Panitikan

Isaisip
Gawain 3
Ang sagot ay nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mag-aaral.

Pagyanarin
Gawain 2
Ang sagot ay nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mag-aaral.

Balikan
Gawain 1
Ang sagot ay nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mag-aaral.

Modyul 2.2: Wika at Gramatika

Isagawa
Ang sagot ay mamarkahan batay sa ibinigay na rubriks

Tayahin
Gawain 10
1.a
2.c
3.a
4.c
5.b
6.d
7.c
8.a
9.d
10.b
11.c
12.a
13.c
14.d
15.a

Karagdagang Gawain:
Magmumula ang sagot sa mag-aaral at susuriin ito ng guro ayon sa pamantayang nakalahad para sa gawain ito.

Sanggunian

Conde, Consolation P., Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Urgelles, Roderic P., Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

<http://mynewblogkulturangpersia.blogspot.com/>

<https://www.tagaloglang.com/mullah-nassreddin/>

<http://pangkatcarbon20182019.blogspot.com/2018/12/mullah-ang-unang-iranian-na-dalubhasa.html>

<https://mimirbook.com/tl/aab9a6b57f7>

<https://www.slideshare.net/bryanramos49/pagbuo-ng-komiks-strip>

<https://philnews.ph/2019/07/19/elemento-ng-maikling-kwento-8-elemento-kahulugan/>

Curriculum Implementation and Learning Management Matrix

K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino

Kagawaran ng Edukasyon Republika ng Pilipinas, Panitikang Pandaigdig, Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral, p.253-261

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph